CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 29, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para Sa Agarang Pahayag

Inilunsad ng Long Beach ang Programa sa Pagkain na ‘Great Plates Delivered’ para sa Mga Nakatatanda

Nagbibigay ng pagkain sa mga indibidwal na may edad 65 o pataas at matatandang may mataas na peligrong magkasakit

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay naganunsyo ng paglulunsad ng isang libreng serbisyong paghahatid ng pagkain sa bahay para sa mga may edad, ng mga pagkaing ipinagkaloob ng mga tagapagbigay ng pagkain sa Long Beach at restawran na naapektuhan ng pendemyang COVID-19. Inanunsyo ni Gob. Newsom ang una-sa-nasyon na programa noong Abril sa isang pakikipagtulungan sa mga county, lungsod, at mga tribo bilang isang pagsisikap upang mapanatiling malusog at nasa bahay ang pinaka-mahinang populasyon.

“Kami ay patuloy na nakikipagtrabaho upang suportahan ang ating mga nakatatanda sa panahon ng pampublikong krisis sa kalusugan,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Kami ay nagpapasalamat sa Gobernador Newsom at FEMA para sa pagkilala sa kritikal na pangangailangan na ito at sa paggawa ng programang ito na posible.”

Ang Programa na Great Plates Delivered ay magdedeliver ng hanggang sa tatlong libre at masustansyang pagkain araw-araw hanggang sa 600 na kwalipikadong nakatatanda. Ang mga tagapagbigay ng pagkain ay kinakailangang matiyak ang wastong patnubay sa paghanda ng pagkain, at ang mga serbisyong pangdelivery at mga indibidwal ay sasailalim sa mga background check. Ang mga pagkain ay ligtas na dadalhin sa mga participante bawat araw at maaaring itabi o ilagay sa freezer nang ilang araw at initin.

Ang mga Aplikante ay kinakailangang sumailalim sa mga sumusunod:

- Nakatira sa Lungsod ng Long Beach
- Kailangan makamit ang tamang edad:
    - Ay 65 o mas matanda; o

    - Ay 60-64 at na-diagnose na mayroon o maaaring nahawa ng COVID-19 o ay nasa mataas na peligro tulad ng tinukoy ng CDC
- Nakatira mag-isa o kasama ng isang taong kwalipikado din sa programa
- Ay hindi kasalukuyang tumatanggap ng tulong mula sa ibang mga programang pang-nutrisyon ng estado o pederal
- Nahihirapan sa pag-access ng pagkain o paghahanda ng kanilang sariling pagkain
- Ang kinikita ay dapat nasa loob ng sumusunod na saklaw ng kita:
    - $24,980 at $74,940 (solo) o sa pagitan
    - $33,821 at $101,460 (dalawang-taong sambahayan) kada taon

Upang mag-apply, ang mga kwalipikadong residente ay kailangang makumpleto ang aplikasyon online sa pamamagitan ng pagbisita sa LongBeach.gov/seniormealdelivery o tumawag sa (562) 570-INFO (4636) at piliin ang opsyon na numero 5. Ang mga katanungan ay maaaring idirekta sa parehong numero ng telepono, o sa pamamagitan ng pag-email sa GreatPlatesLB@longbeach.gov. Ang mga opereytor ay sasagot sa mga mensahe na naiwan sa numero at ang mga translator ay maaaring magamit kung kinakailangan.

Ang programang Great Plates Delivered ay tatakbo hanggang Hunyo 10, 2020, ang timeframa na kasalukuyang inaprubahan ng Federal Emrergency Management Agency. Ang layon ng estado ay humiling ng isang extension para sa programa hanggang Hulyo.

Ang mga pagkain ay inihahanda ng maraming tagapagbigay ng pagkain sa Long Beach na ginawaran ng kontrata sa Lungsod sa pamamagitan ng bidding na proseso sa simula ng buwan. Ang mga kasaling tagapagbigay ng pagkain ay kinabibilangan ng:

- 5000 Pies
- Bahn Thai Restaurant
- Bebot Filipino Soul Food
- Egg Heaven Cafe
- El Paisa Restaurant
- Hamburger Mary's Long Beach
- La Guanaquita Restaurant
- Michael's Pizzeria Downtown
- ONell's Comfort Kitchen
- Pier 76
- Restauration
- Starling Diner
- Taboon Mediterranean
- TGIS Catering Services
- The 908

- The Little Brass Café Express

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###